
LEVEL
3

# Leveled Reader
## in Filipino

# Ang Leong Nakita ang Sarili sa Tubig





Isinulat ni Idries Shah


Iginuhit ni Ingrid Rodriguez



Noong unang panahon, mayroong isang leon na ang pangalan ay Sher. Siya ang hari ng lahat ng hayop sa buong kagubatan. Mayroon siyang isang gintong kiling sa kaniyang ulo, lahat mabalahibo gaya ng buhok, ngunit malago at ginintuan. Mayroon din siyang gintong balabal.



Nakasanayan niyang umungol ng "*Grrrrrrrrrrrr*" sapagkat ganoon magsalita ang mga leon.




Ngunit hindi lahat ng hayop ay alam na ganoon siya magsalita. Ang ilan sa kanila, kapag narinig siyang magsabi ng *"Grrrrrrrrrrrr"* ay natatakot at tumatakbo palayo.




Hindi nagtagal, dahil nakita ng ibang mga hayop ang kanilang mga kaibigan na tumatakbo, lahat ng hayop ay natakot, at nagsimulang tumakbo papalayo.



Ngayon, napaisip ang leon na si Sher. "Nakakatawa naman! Bakit ang lahat ay tumatakbo papalayo sa akin?"
Kaya siya ay sumigaw, "Grr-grr?" na ang ibig sabihin ay "Bakit kayo tumatakbo?"




Alam natin na ang ibang hayop ay hindi nakaiintindi ng salitang leon. At dahil ngayon siya ay sumisigaw nang malakas, sila ay nagwika, “Ang hari ng kagubatan na si Sher ay marahil galit na galit sa atin ngayon!”




Kaya naman mas bumilis pa ang kanilang pagtakbo.




Siyempre, hindi naman galit si Sher. Gusto lamang niyang malaman kung bakit silang lahat ay tumatakbo palayo. Siya ay napaisip, "Mga katawa-tawang hayop! Hindi ko na lamang sila papansinin. Ako ay nauuhaw. Iinom muna ako ng tubig sa lawa."



At tiningnan niya ang buong lugar hanggang sa makahanap siya ng tubig.



Sa loob ng kagubatan ay mayroong lawa. Ito ay malinaw, payapa, at kumikinang na parang salamin. Si Sher ay talagang nauuhaw na at habang siya ay papalapit sa lawa, nasabi niya sa kaniyang sarili, “Grrrr gusto ko nang uminom ng tubig, grrr.” Ganoon magsalita ang mga leon.




Ngunit nang siya ay makarating sa lawa na makinang gaya ng isang salamin, tumingin siya at nakita ang sariling anyo sa tubig.



Hindi pa niya nakita iyon dati kaya naisip niyang may isa pang leon sa lawa ang nakatingin sa kaniya. Siya ay labis na natakot sa leon na ito kaya't hindi na siya makainom ng tubig. Hindi ba siya nakatatawang leon?



“Ay naku!” sinabi niya sa sarili. “Iyon ay isa pang leon, at nais niyang pigilan ako sa pag-inom ng kaniyang tubig.”
At pagkatapos ay sinabi niya sa isang leon, “Grrrr!” na nangangahulugang, “Gusto ko rin ng tubig!”



Dumating na rin ang iba pang mga hayop na gustong uminom sa kumikinang na lawa. Nakita nila ang leon na si Sher at sinabing, “Anong ginagawa mo at nakatitig ka sa tubig habang umuungol pero hindi naman umiinom?”




Huminga nang malalim si Sher at sumagot, “Hindi ako makainom dahil may isa pang leon sa lawang iyan at paulit-ulit siyang nagsasabi ng ‘Grr-grr’ sa akin.” Humagikgik ang mga hayop nang marinig ito dahil alam nilang ito ay imahen din niya sa tubig. Ngunit hindi ito alam ni Sher.




Isang magandang paruparo
ang dumapo malapit sa tainga
ng leon at sa munting tinig ay
nagsabing, “Huwag kang maging
hangal, Sher. Walang ibang leon
sa tubig!”
Ngunit sabi ni Sher, “Mayroon
talagang leon sa tubig, nakikita
ko siya!”




Ang lahat ay tumigil lamang at naghintay kung ano ang mangyayari.



Si Sher, ang leon, hari ng kagubatan, ay nauhaw nang nauhaw nang nauhaw nang nauhaw. Sa huli ay sinabi niya, "Wala akong pakialam, kailangan kong uminom ng tubig. Labis akong nauuhaw.
Wala na akong pakialam sa leon doon, o kung gaano siya kabangis!"




At inilagay niya ang kaniyang ulo sa tubig.
Nang gawin niya ito, naramdaman niya ang malamig na tubig sa kaniyang bibig at nagsimulang uminom.



Habang umiinom siya, nakita niyang nawala na ang isa pang leon. Siyempre, nawala ito sapagkat hindi talaga ito naroroon. Ito ay kaniyang sariling repleksiyon sa tubig.



Nang iangat niya ang ulo mula sa pag-inom ay nakita niya ang mga hayop na nakatayo roon, sinabi niya...



“Dahil doon, sa wakas ay natutuhan ko na ang repleksiyon ay hindi katulad ng totoong bagay!” At sa katapusan, ang lahat ay namuhay nang maligaya.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE

RTI
INTERNATIONAL

The Asia Foundation